
# Balitang Manmin

BILANG 157 HUNYO 5, 2016


# Isang Tunay na Pangyayari sa Biblia na Nagpapakita ng Pangangalaga ng Sangkatauhan

## 'Ang Hinirang Kong Lingkod na si Jacob, Inapo ng Kaibigan Kong si Abraham'




Nailahatla na ang ikalawa sa serye ng libro ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa mga tauhan sa Biblia na *Ang Hinirang Kong Lingkod na si Jacob, Inapo ng Kaibigan Kong si Abraham.* Naging mabili ang librong ito, nagustuhan ng maraming tao. Tulad din ng naunang *Abraham the Friend of God,* nanguna ito sa lingguhang listahan ng mga librong mabenta sa Kyobo Book Centre.

Bakit pinili ng Diyos si Jacob, isang taong madaya, bilang ama ng bansang Israel? Ipinagpatuloy ni Jacob at ng kanyang labindalawang anak ang angkan ni Abraham, ang ama ng pananampalataya. Pumatnubay sa buhay nila ang kalooban ng Diyos na pumili sa kanila dahil minahal Niya sila, hinubog Niya ang mga ito para mabigyan ng mga biyaya.

May dalawang bahagi ang librong ito na mayroong labintatlong kabanata. Nagsisimula ito sa kapanganakan nina Jacob at Esau, nakahawak si Jacob sa sakong ng nakatatandang kapatid na si Esau. Inilalarawan nito ang mga magaganap sa buhay nila tulad ng pag-agaw ni Jacob ng karapatan ng panganay na anak, bilang pagpapatuloy ng salinlahi ni Abraham. Ipinapaliwanag ng librong ito kung bakit naagaw kay Esau ang karapatan nito bilang panganay na anak; kung bakit tinanggap ni Judah, pang-apat na anak ni Jacob, ang karapatan para sa panganay na si Reuben; at kung bakit ipinagbili si Jose sa Ehipto bilang alipin.

Ipinapaliwanag ng librong ito ang espirituwal na kahulugan ng mga pangalan ng labindalawang anak ni Jacob at ng labindalawang tribo ng Israel. Ipinapaliwanag din ang kuneksyon ng kahulugan sa sukat ng pananampalataya nila. Tinatalakay din ang pagkakaiba ng labindalawang anak ni Jacob at labindalawang tribo ng Israel at ang kaibahan ng labindalawang alagad ni Jesus sa labindalawang apostol ng Panginoon.

Inilalarawan ng librong ito ang pag-ibig ng Diyos na may Tatlong Persona na ipinakita mula sa panahon ng Lumang Tipan at patuloy na ipinapakita hanggang sa muling pagbabalik ng Panginoon. Tutulungan nitong matanto ng magbabasa ang tapat na pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, at hihikayatin silang maging masigasig sa pagsulong patungo sa Bagong Jerusalem bilang mga inapo ni Abraham.






## "Naging Tuwid ang mga Binti Kong Baluktot!"

**Kapatid Uichun Yun, 71 taong gulang, Parokya 32, Manmin Central Church**

Noong Oktubre 2015, nakita sa pagsusuri na mayroon akong kanser sa tiyan, malala na ito (third stage), pero pinaoperahan ko. Sinabi ng doktor na ipagpapatuloy ang panggagamot dito, pero kinumbinsi ako ng anak kong lalaki na si Diakono Young Ju at ng asawa niyang si Diakonesa Eunjung Kim na sa Diyos lang umasa.

Limampu't limang taon akong naging miyembro ng simbahang Katolika. Mula sa Pusan, lumipat kami ng asawa kong si Kap. Hakyung Ju sa bahay ng anak kong lalaki sa Seoul kung saan naroon ang Manmin Central Church para ganap akong gumaling. Maraming nagaganap na pagpapagaling doon.

Maraming pagpapala ang natanggap ko sa panonood ng mga sermon, mga patotoo, at mga programang papuri sa GCN. Pinakinggan naming mag-asawa ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee araw at gabi, tinanggap ko ng may pananampalataya ang panalangin niya para sa mga maysakit. Dahil dito, bumuti ang kalagayan ko, nakakain na ako nang maayos, walang masamang epekto sa katawan ko.

Matagal na rin akong may arthritis at osteoporosis (mga sakit sa buto), dahil dito, baluktot ang kasukasuan ko sa tuhod, dahil dito, hindi lumalapat ang buong talampakan ko sa lupa. Parang bibi ang paglalakad ko, at dapat mabagal lang.

Nakita sa pagsusuri na napudpod na ang 90% buto sa kasukasuan ko, wala nang magagawa kundi operahan ito at palitan ng artipisyal na buto. Noong Disyembre 25, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor, at pagkatapos, pinakinggan ko ang mga mensahe niya, dumalo ako sa mga pagsamba at mga pulong-panalangin sa Manmin Prayer Center. Pinagsisihan ko nang lubos ang hindi ko pagsunod sa Salita ng Diyos.

Noong Enero 16, 2016, habang nakaupo ako sa silya, manghang-manghang sinabi ng manugang ko, "Nanay, parang tuwid na ang mga binti mo!" Tiningnan ko ang mga ito, tuwid na nga! Pagtayo ko, lumapat ang mga paa ko sa lupa. Nakakapaglakad na ako ng normal. Habang tinatanggap ko ang mga panalangin para sa maysakit tuwing may pagsamba, mas nagiging normal at natural pa ang paglalakad ko. Pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ng Punong Pastor noong Marso 20, nakapaglakad ako nang mabilis. Hallelujah!



# Diyos ang Sumulat ng Biblia



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran." (2 Kay Timoteo 3:16)

•••

Sinasabi sa atin ng Biblia ang dahilan kung bakit nilalang ng Diyos ang tao, kung paano Niya pinamamahalaan ang kasaysayan ng sangkatauhan, ang simula at wakas ng pangangalaga ng sangkatauhan, na si Jesus ang Tagapagligtas, ang Banal na Espiritu ang Mang-aaliw, ang tungkol sa Langit at Impiyerno, at kung ano ang tungkulin ng tao. Sino ang sumulat ng Biblia?

### 1. Diyos – ang May Akda ng Biblia

Mayroong 66 na aklat ang Biblia: 39 na aklat ang Lumang Tipan at 27 na aklat ang Bagong Tipan. Tatlumpu't apat na tao, 26 mula sa Lumang Tipan at walo mula sa Bagong Tipan, ang sinasabing sumulat ng Biblia, na isinulat sa loob ng 1,600 taon: 1,500 noong panahon ng Lumang Tipan at 100 sa panahon ng Bagong Tipan. Kahit mahigit sa 30 tao ang sumulat ng Biblia, wala ni isa sa kanila ang "may-akda" nito. Masasabing lahat sila ay mga 'ghostwriters' lang (isang taong tagapagsulat ng ibang tao).

Ipagpalagay nating may dalawang anak ang isang ina, gusto niyang sulatan ang mas batang anak. Ipinasulat niya sa mas matandang anak ang mga gusto niyang sabihin sa mas batang anak. Ang 'sumulat' ay ang mas matandang anak, ang nilalaman ng sulat ay nagmumula sa ina. Tulad nito, hinirang ng Diyos ang 34 na tao para isulat ang Biblia, binigyan Niya ang mga ito ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Kaya ang may-akda ng Biblia ay ang Diyos.

Ipinapaalala sa atin ng 2 Pedro 1:21, "Sapagkat walang propesiya na dumating kailanman sa pamamagitan ng kalooban ng tao kundi ang mga taong inudyukan ng Espiritu Santo ay nagsalita mula sa Diyos." Mababasa sa Isaias 34:16, "Inyong saliksikin at basahin ang aklat ng PANGINOON: Kahit isa sa mga ito ay hindi magkukulang; walang mangangailangan ng kanyang kasama. Sapagkat iniutos ng bibig ng PANGINOON, at tinipon sila ng Kanyang Espiritu."

Sapagkat isinulat ng Makapangyarihang Diyos ang Biblia, may inspirasyon ng Banal na Espiritu, hindi ito nagkakasalungat, hindi nagbabago ang nilalaman nito kahit maraming sumulat nito.

### 2.AIsinulat ang Biblia nang may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu

Dahil isinulat ang Biblia sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, dapat din itong ipaliwanag sa tulong ng Banal na Espiritu. Ang pagpapaliwanag ng Biblia ayon sa saloobin ng tao ay maaaring magdala sa atin sa maling daan ng pagkawasak dahil hindi ito ang kalooban ng Diyos (2 Pedro 3:16).

Kapag ipinapaliwanag ito nang may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu, makikita natin na ang lahat ng talata sa Biblia ay may katuwang (Isaias 34:16). Ang espirituwal na kahulugan ng mga talata sa Biblia ay maipapaliwanag kapag nakita natin ang mga katuwang nito na babagay sa isa't isa.

Halimbawa, sinasabi sa atin ng Ang Mga Gawa 2:21, "At mangyayari na ang bawat tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas." Hindi lubos na maipapaliwanag ang kalooban ng Diyos sa isang talatang ito. Sinasabi sa atin ng Panginoon sa Mateo 7:21, "Hindi lahat ng nagsasabi sa akin, 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit," hindi sapat ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon para maligtas.

Ipinapaalaala sa atin sa Mga Taga-Roma 10:10, "Sapagkat sa puso ang tao'y nananampalataya kaya't itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya't naliligtas." Ang mga naniniwala ng buong puso at nagiging matuwid ang naliligtas kapag ipinapahayag nila ang Tagapagligtas. Ano ang kahulugan ng "kapag nanampalataya ang isang tao nang buong puso"?

May tanong sa atin ang Santiago 2:14, "Ano ang pakinabang mga kapatid ko, kung sinasabi ng sinuman na siya'y may pananampalataya, ngunit walang mga gawa? Maililigtas ba siya ng kanyang pananampalataya?" Kapag naniniwala nang buong puso ang isang tao at naging matuwid siya, makikita natin na pinagsisikapan niyang maiwaksi ang mga kasalanan niya at isinasabuhay ang Salita ng Diyos.

Mababasa sa Mga Taga-Roma 3:28, "Sapagkat pinaninindigan natin na ang tao ay itinuturing na ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng Kautusan." Hindi magiging perpekto ang mga gawa ninyo kung wala kayong pananampalataya kahit gaano pa ang pagsisikap ninyo na sumunod sa katotohanan. Ang kahulugan ng "nananampalataya ng buong puso" ay nagpapabanal ng puso. At kung banal na ang puso, magiging banal din ang ugali o kilos ninyo, sa madaling salita, malinis at dalisay ang puso.

Ang kaligtasan ay para sa mga mananampalataya na naglilinis ng puso habang naniniwala ng buong puso, sinusunod nila ang salita ng Diyos, at ipinapahayag ang Panginoon.

Kung hindi pag-aaralan o hahanapin ang katuwang ng mga talata sa Biblia, pwedeng magkamali sa pag-intindi ng katotohanan, baka sabihin nila, "Ang kaligtasan ay para sa lahat ng nagsasabing si Jesus ang kanilang Tagapagligtas" o "Kung naniniwala kayo, maliligtas kayo kahit makasalanan kayo." Magkakasala ang mga tao dahil sa maling paniniwalang ito, ikakasira nila ito. Para maging tumpak ang pagka-intindi ng kalooban ng Diyos na nakasulat sa Biblia, hanapin ninyo ang magkatuwang na talata, at pag-aralan ang kahulugan nito ayon sa inspirasyon mula sa Banal na Espiritu.

### 3. Ang Salita ng Diyos – Walang Hanggang Katotohanan

Ang Biblia ay Salita ng Diyos, at lahat ng nasusulat dito ay totoo. Lahat ng may kinalaman sa kasaysayan tulad ng mababasa natin sa Lumang Tipan ay nagpapatunay na totoo ang Biblia. Tungkol sa kasaysayan ng Israel, mga pangyayari sa mga magkakalapit na bansa at mga mamamayan nito, mga pangalan ng mga tao at mga lugar, at iba't ibang kultura.


Mababasa din sa Biblia ang iba't ibang propesiya at lahat ng ito ay natupad ayon sa pagkakasulat. Halimbawa, naipropesiya ang pagbagsak ng Jerusalem sa Lucas 19:43-44, "Sapagkat darating sa iyo ang mga araw, na ang mga kaaway mo ay magtatayo ng muog sa palibot mo at papaligiran ka, at gigipitin ka sa bawat panig. At ibabagsak ka sa lupa, ikaw at ang iyong mga anak na nasa iyo. Sa iyo'y hindi sila mag-iiwan ng bato sa ibabaw ng kapwa bato; sapagkat hindi mo kinilala ang panahon ng pagdalaw sa iyo." At pagkalipas ng 40 taon, natupad ito noong 70 A.D.

Mababasa sa Lumang Tipan ang mga propesiya ng Diyos tungkol sa kapanganakan, ministeryo, pagdurusa, at muling pagkabuhay ni Jesus. Mababasa naman sa Bagong Tipan ang mga salaysay at talaan kung paano tinupad ni Jesus ang mga propesiya sa Lumang Tipan. Tungkol sa kapanganakan ni Jesus, sinabi ng Diyos sa Genesis 3:15 na ang Tagapagligtas ay ipapanganak sa mga mamamayan ng Israel. Nang sumpain ng Diyos ang ahas, sinabi Niya, "Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong." Naipropesiya na darating ang Tagapagligtas bilang binhi ng babae at magtatagumpay sa kamatayan. Ang "babae" ang espirituwal na simbulo ng Israel, at si Jesus ay ipinanganak sa angkan ni Jose mula sa tribo ni Judah (Lucas 1:26-33).

Sinasabi sa atin ng Isaias 7:14, "Narito, isang birhen ang maglilihi, at manganganak ng isang lalaki, at kanyang tatawagin ang Kanyang pangalan na Emmanuel," mababasa sa Micas 5:2, "Ngunit ikaw, Bethlehem sa Efrata, na maliit upang mapabilang sa mga angkan ng Judah, mula sa Iyo ay lalabas para sa Akin ang Isa na magiging pinuno sa Israel; na ang pinagmulan ay mula nang una, mula nang walang hanggan." Ayon sa mga propesiyang ito, si Jesus ay ipaglilihi ng Banal na Espiritu at ipapanganak ng Birheng Maria sa isang sabsaban sa isang bahay panuluyan sa Bethlehem.

Nang pumasok si Jesus sa Bethlehem, tulad ng sinasabi ng Zacarias 9:9, sasakay Siya sa isang asno, isang batang asno na anak ng asnong babae." Bukod dito, sinasabi sa Mga Awit 41:9, ipinagkanulo at ipinagbili ni Judas Iscariote si Jesus. Hindi mabilang ang mga detalyadong propesiya sa mga aklat ng Lumang Tipan tulad ng Isaias, Mga Awit, at Zacarias, tungkol sa pagdurusa, paglibing, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ni Jesus, at bawat isa sa mga ito at natupad sa panahon ng Bagong Tipan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hinihikayat ko kayong magtiwala na ang Biblia ay Salita ng Diyos at sundin ninyo ang mga utos na nakasulat dito. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay makaharap kayo sa buhay na Diyos sa lahat ng oras at tumanggap ng mga pagpapala mula sa Kanya. Makibahagi nawa kayo sa pagmamahal Niya magpakailanman bilang tunay na mga anak Niya.



## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)


Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ibinigay ng Diyos sa Sangkatauhan ang 'Hininga ng Buhay' at ang 'Binhi ng Buhay'

Nang pasimula, nagplano ang Diyos ng pangangalaga ng sangkatauhan para magkaroon ng tunay na mga anak na mabibigyan Niya ng walang hanggang pagmamahal. Kung ang isang magsasaka ay nagtatanim ng mga binhi, inalagaan ang mga ito, at nag-aani ng mabubuting bunga, itinatanim din ng Diyos ang binhi ng buhay sa sangkatauhan at pinapangalagaan ang mga ito. Nais Niyang mag-ani ng maraming mabubuting bunga.

**Ang hininga ng buhay na inihinga ng Diyos sa unang nilalang na si Adan ay ang mahalagang kapangyarihan Niya na nagbibigay ng buhay.**

Bago maganap ang Paglikha, umiral ang Diyos sa orihinal na kapangyarihan bilang liwanag na may tunog – o 'tinig' (Juan 1:1; 1 Juan 1:5).


Nasa orihinal na liwanag na ito ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan at karunungan. Ang kapangyarihan ng Diyos na nasa orihinal na liwanag ay ang 'hininga ng buhay.' Nilalang ng Diyos si Adan mula sa alabok at inihinga sa butas ng kanyang ilong ang "hininga ng buhay". Ito ay naging buhay na kaluluwa (Genesis 2:7). Makikita ninyo ang kapangyarihan ng "hininga ng buhay" sa Biblia. Nilagyan ng Diyos ng mga litid at laman ang mga tuyong buto, binalot at tinakpan ng balat ang mga ito (Ezekiel 37:10). Nang 'hingahan' ng Diyos ang mga ito, naging isang malaking hukbo ang mga tuyong buto. Ito rin ang kapangyarihan ng 'hininga ng buhay' na ginamit sa dalawang saksi para muli silang buhayin, binabanggit ito sa Pahayag 11:11 nang mamatay sila bilang mga martir sa Pitong-taong Malaking Kapighatian.

**Ang palatandaan ng hininga ng buhay, na nanatili kay Adan nang magkasala siya, ay binhi ng buhay. Ito ay parang maliit ng binhi.**

Ayon sa salita ng Diyos, naging mabunga si Adan at nagparami siya. Ibig sabihin, nagkaroon siya ng maraming anak. Minana ng mga inapo ni Adan na ipinanganak sa Halamanan ng Eden ang hininga ng buhay na inihinga ng Diyos sa kanya.

Pero, nagbago ang situwasyon pagkatapos magkasala nina Adan at Eva dahil kumain sila mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Binawi ng Diyos mula kina Adan at Eva ang hininga ng buhay, at pinalayas sila mula Halamanan ng Eden patungo sa mundong ito. Napakaliit na ng taglay nilang hininga ng buhay. Tinatawag ito bilang 'binhi ng buhay'.


Nanatili ito sa kalagitnaan ng katawan bilang maliit na binhi. Hindi minamana mula sa magulang ng mga inapo nina Adan at Eba dito sa mundo ang binhi ng buhay. Dahil dito, ibinibigay ng Diyos ang espiritu sa isang sanggol sa ika-anim na buwang paglilihi. Inilalagay Niya ang binhi ng buhay sa espiritu, at inilalagay ito sa kalagitnaan ng selula na nasa kalagitnaan ng katawan.



Kung ang dugo ay nagmumula sa puso at dinadala sa buong katawan, ang espirituwal na enerhiya ay kumakalat mula sa kalagitnaan ng puso patungo sa buong katawan at mangingibabaw sa lahat ng selula.
Bughaw: ang binhi ng buhay

**Ang binhi ng buhay na ibinibigay sa mga inapo ni Adan nang siya ay magkasala ay inilalagay sa selula na nasa kalagitnaan ng katawan.**

Pwedeng ihambing sa isang 'boya o palutang' ang binhi ng buhay. Ang boya ay ginagamit na tanda para



gumabay sa mga barko at bangka at magbabala kung may panganib. Inilalagay sa selula ng puso na may mahalagang layunin sa kalagitnaan ng katawan ang binhi ng buhay.

Kung ang boya ay nasa ibabaw ng dagat, ang binhi ng buhay ay nasa ibabaw ng selula na nasa kalagitnaan ng katawan. Umiikot ang selula sa siklo ng paglalang at pagkawasak, pero nasa iisang lugar ang binhi ng buhay, nangingibabaw ito sa ibang mga bagong selula sa buong katawan.

**Kapag umusbong ang binhi ng buhay at naging aktibo, mananagana ang kaluluwa ninyo, magiging maayos ang lahat ng bagay sa buhay ninyo, at lulusog kayo.**

Ang binhi ng buhay na ibinibigay ng Diyos sa mga inapo ni Adan nang magkasala ito ay mas bubuti kapag puno ng kabutihan ang mga puso nila.

Kung sinumang makarinig ng ebanghelyo at tumanggap kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas, ipinagkakaloob ng Diyos sa kanila ang Banal na Espiritu bilang Mang-aaliw (Ang Mga Gawa 2:38). Parang nasa loob ng matigas na balat ang binhi ng buhay na nasa tao; hindi ito gumagalaw (litrato 1). Pero kapag tinanggap na ng isang tao ang Banal na Espiritu, uusbong na ang binhi ng buhay (litrato 2).

Sa sandaling umusbong na ang binhi, dapat itong diligin at paarawan para tumubo. Tulad nito, kapag umusbong ang binhi ng buhay, kailangan nito ang espirituwal na tubig at liwanag para lumaki. Sa madaling salita, bawat isang tao na tumanggap ng Banal na Espiritu ay nangangailangan ng tinapay ng buhay at espirituwal na tubig mula sa salita ng Diyos. Dapat niyang sundin ang salita ng Diyos, ang espirituwal na liwanag, para lumago ang kanyang espiritu (Juan 3:6, 6:63).

Inilalagay ng Diyos ang binhi ng buhay na nasa espiritu sa kalooblooban ng selula na nasa kalagitnaan ng katawan. Kapag umusbong ang binhi ng buhay at naging aktibo, magsisimulang lumago ang espiritu na nakapalibot dito (litrato 3). Kapag sapat na ang sukat ng espiritu para bumalot sa selula sa kalagitnaan ng katawan, magiging 'epirituwal' ang tao; at kung lalago pa ito, tatawaging 'banal' ang tao (litrato 3 at 4).


Ang paglalarawan ko ng sukat ng espiritu at ng selula ay hindi para malaman kung gaano kalaki ang mga ito kundi para mas maintindihan ninyo kung ang espiritu ba o ang laman ang may kapangyarihan sa katawan.

Kung matatakpan ng sukat ng espiritu ang selula, hindi na sasabay sa makalaman na daloy ang katawan. Habang nagiging banal, lubos nang nasa ilalim ng pamamahala ng espirituwal na dimensyon ang katawan.

Habang pinapamahalaan ng espiritu ang katawan, mapapamahalaan din nito ang kaluluwa. Dahil nasa ilalim ng pamamahala ng espiritu ang kaluluwa, mas magiging marami ang saloobin tungkol sa katotohanan at hindi tungkol sa laman o kasinungalingan. Habang napapabuti ang kalagayan ng inyong espiritu at kaluluwa, magiging mabuti din ang "lahat ng bagay para sa inyo", mababasa ito sa 3 Juan 1:2.

Lahat ng bahagi ng katawan ay magtatrabaho nang husto habang ang pamamahala ng katawan ay nasa espirituwal na dimensyon. Walang impeksyon mula sa mga mikrobyo o mga karamdaman. Hindi kayo tatablan ng lason. Hindi kayo tatanda, kundi mas babata pa kayo.

Mayroong pagkakataong pinapayagan ninyong pamahalaan ang katawan ninyo ng espirituwal na dimensyon bago pa kayo maging espirituwal. Ito ay sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu. Pero ang pagkakataong ito ay limitado at pansamantala lang. Para maging permanente ang pamamahala ng espirituwal na dimensyon sa katawan, dapat maging espirituwal at banal kayo (1 Mga Taga-Tesalonica 5:23).



# "Dahil sa Pagpapala ng Diyos Naging Mabuting Ama at Asawa Ako"



Diakono Paul Seongik Lee, 43 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church

Bata pa lang ako, dumalo na ako sa iglesya, naglingkod ako bilang isang lider. Pero nasisiyahan ako sa mga makamundong aliwan, uminom ako ng alak, nanood ng sine, at nagbilyar kasama ng mga kaibigan ko. Batid kong dapat kong iwasan ang mga ito bilang isang Cristiano pero sinunod ko pa rin ang sariling kagustuhan.

Noong taong 1998, habang nag-aaral ako sa isang unibersidad, naibalita sa akin ng isang kaibigan ang tungkol sa Manmin Central Church. Nagustuhan ko ang mga sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, itinuturo ng mga ito kung paano iwawaksi ang mga kasalanan. Nadadama kong lumilinis ang puso ko habang pinapakinggan ko ang mga mensahe. Pagkatapos kong pakinggan ang mensaheng, "Mga Paraan sa Pag-aaral nang Mabuti", nakakuha ako ng A+ sa lahat ng subject. Dahil dito naging iskolar ako hanggang makapagtapos ng pag-aaral sa unibersidad.

Noong Oktubre 2001, nagpakasal ako, lumipat kami mula sa Daegu papunta sa Seoul. Nagsimula akong dumalo sa Manmin Central Church. Akala ko ang pagsusulong ng buhay bilang isang mananampalataya ay ang pinakamabuting paraan para gampanan ang pagiging ama ng tahanan.

Pero noong nasa Seoul na kami, nawalan ako ng oras para manalangin, nagnais akong maglingkod bilang Levita, isang manggagawang naglilingkod ng buong araw sa iglesya. Noong Hunyo 2004, malaking pagpapala sa akin ang makapakinig sa GCN (www.gcntv.org), nagpapahayag ito ng ebanghelyo ng kabanalan sa pamamagitan ng pagbobrodkast.

Tinulungan ako ng Diyos na iwaksi ang mga paghahangad kong magsaya sa makamundong mga bagay at mahalin Siya higit sa lahat.

Noong taglamig ng taong 2008, hindi nakatulog ang panganay kong anak na lalaki na si Jaeyoung, nangangati kasi ang buong katawan niya dahil sa eksema. Sinabi sa amin ng doktor na kung kakamutin ng anak namin ang mga mata niya ng mga kamay niyang nagnanana baka mabulag ito. Sinabi niyang maging maingat kami. Nalungkot ako. Nalaman kong sa espirituwal na diwa, ang karamdaman ng mga anak ay nagmumula sa mga pagkakasala at pagkukulang ng mga magulang. Pinagsisihan ko na hindi ko lubos na iwinaksi ang mga makamundong pagsasaya kahit sinasabi ko na minamahal ko ang Diyos. Tinanggap ng anak ko ang panalangin ng Punong Pastor, agad itong gumaling.

Noong Marso 2013, nanakit muli ang buto ko sa gulugod na nakausli, napakasakit nito. Sa pagdurusa ko, natuklasan ko ang pagmamataas, pagmamayabang, pagkabahala, at makalamang saloobin ko. Nagsisi ako, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor. Pagkatapos, nawala ang pananakit na nararamdaman ko, gumaling na ako.

Habang pinagpapala ako ng Diyos, hinangad kong linisin ang puso ko. Nagdesisyon akong pagsikapang gawin ito hanggang mawala na nang lubusan ang makasalanang likas. Kapag nakakaisip ako ng kasamaan, naghahandog ako ng tatlong araw na pag-aayuno. Kung minsan, nagaalinlangan ako kung makakaya kong linisin ang puso ko, pero determinado akong gawin ito. Dahil dito unti-unting natanggal ang makasalanang likas.

Pinakinggan ko ang serye ng sermon na pinamagatang, "Kabanata ng Pag-ibig" (1 Mga Taga-Corinto 13), isinaisip ko ito, nanalangin ako. Lubos kong nadama ang pagmamahal ng Diyos, ng Panginoon, ng Banal na Espiritu. Pinagsisihan ko ang kakaunti kong pagmamahal. Ipinipilit ko sa asawa ko ang mga opinyon ko, kahit siya ang nagtatrabaho sa isang kumpanya. Gusto kong pagsilbihan niya ako na parang katulong, na parang hindi siya napapagod sa opisina.

Sinimulan kong tumulong sa kanya sa mga gawaing bahay, at ang oras ko ay para sa mga anak ko kapag Sabado. Sinikap ko silang unawain. Sa totoo lang, magkaedad kaming mag-asawa, pareho kaming agresibo at may sariling opinyon. Madalas kaming magkasagutan, pero ngayon, pinag-uusapan na namin ang tungkol sa lahat ng bagay.

Noong Disyembre 2015, biniyayaan ako ng Diyos na makamit ang pusong espirituwal. Magmula noon, mas naging mapayapa at masaya ang pamilya ko. Lumalaking malulusog at matatalino ang mga anak kong lalaki na sina Jaeyoung at Jaeyun.

Lahat ng pagapapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos, binigyan Niya ako ng masayang pamilya.



# "Nadarama Ko ang Pag-ibig ng Panginoon na Nagpagaling sa Akin Kapag Nag-aalaga Ako ng mga Pasyente"

Kapatid Surbhi Minhas, 20 taong gulang, Delhi Manmin Church, India

Noong Mayo 2013, biglang sumakit ang sikmura ko. Nang masuka ako, dugo ang lumabas. Madalas sumakit ang ulo ko at hindi ako natutunawan. Nagpasuri ako sa ospital, sinabi ng doktor na kulang ako sa dugo, may hypothyroidism (hindi nagtratrabaho ng tama ang thyroid gland), at gastrointestinal hypokinesia (hindi nagtratrabaho ng tama ang sikmura), at mababa ang presyon ng dugo, hemoglobin, at thyroid ko.

Pinainom ako ng mga gamot at maraming pagkain ang ipinagbawal sa akin, pero walang naitulong ito. Isang araw, sumuka ako ng maraming dugo, hinimatay ako, isinugod ako sa ospital. Nawalan ako ng ganang mabuhay, tinangka kong magpakamatay.

Pagkatapos ng napakaraming problema sa buhay ko, nakapagtapos pa rin ako ng high school. Pumasok ako sa isang kolehiyo para maging nurse. Nakilala ko doon si Nancy. Sinabi niya sa akin na maraming nangyayaring pagpapagaling sa iglesya niya, isinama niya ako doon. Noong Disyembre 2013, nagsimula akong dumalo sa Delhi Manmin Church.

Pinakinggan ko sa GCN ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church. Nalaman ko na ang mga nabubuhay ayon sa Salita ng Diyos at nananalangin ay hindi magdurusa sa karamdaman. Bukod dito, nabawasan ang sakit na nararamdaman ko pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit.

Habang pinapakinggan ko ang iba pang mensahe niya, mas lumago pa ang pananampalataya ko, gusto kong sa Diyos lang umasa. Akala ko gumagaling na ang mga karamdaman ko, pero isang araw, bumalik ang mga sintomas ng sakit ko. Umubo ulit ako, may masasakit sa katawan, sumuka, at hindi natunawan. Hindi ako makainom ng tubig, isinusuka ko ito. Dahil dito, nangayayat ako, hirap na hirap.

Sinimulan kong hanapin ang dahilan kung bakit mayroon ako ganitong problema. Samantala, nalaman ko na ang mga karamdaman ay nagmumula sa mga kasalanan. Natanto ko na matagal ko nang hindi pinapatawad ang ilang taong nasa paligid ko, pinagsisihan ko ito. Nagbasa ako ng Biblia, binasa ko rin ang librong *Ang Mensahe ng Krus*. Sinikap kong sundin ang Salita. Tinanggap ko rin ang naka-recored na panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit at uminom ako ng Muan Sweet Water (Exodo 15:25). Umasa at nanampalataya ako sa Diyos.

Noong Pebrero 2014, nakakain ako ng maayos, wala na akong problema sa pagtunaw ng kinain. Bumalik na ang lakas ng katawan ko. Hindi na ako nilagnat at wala na ang pananakit na nararamdaman ko, hindi na rin ako nagsuka. Lahat ng abnormal na sintomas ay nawala na. Pinagaling ako ng Diyos nang lubusan mula sa mga karamdaman ko. Hallelujah!

Malapit na akong matapos sa kolehiyo. Kapag inaalagaan ko ang mga pasyente bilang nurse, mas lalo kong nadarama ang pag-ibig ng Panginoon. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Panginoon.



Ang grupo ng mga Manggagamot ng Delhi Manmin Church: tapat ang paglilingkod ng mga miyembro nito para sa kaharian ng Diyos pagkatapos nilang tumanggap ng pagpapala mula sa mga sermon at mga libro ni Dr. Lee, nagparehistro sila sa iglesya.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714